Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-19 NG SETYEMBRE, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS.................................. PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar.......................................... Kagawad
Kgg. Louie C. De Leon.............................................. Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison................................................ Kagawad
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr......................................... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez........................................... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor......................................... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Roselon F. Pamatmat......................................... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca.............................................. Kagawad
Kgg. Purita P. Sarmiento............................................ Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco........................................... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 217- T'2001

KAPASIYAHANG HUMIHILING KAY INHR. BOBBY NICOLAS, INHINYERONG PAMPUROK, KAGAWARAN NG PAGAWAING BAYAN AT LANSANGAN (DPWH) NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG LIMANG MILYONG PISO (P5,000,000.00) PARA SA PAGPAPAGAWA NG "RIVER CONTROL" NA SAKOP NG BRGY. SANTO ANGEL NORTE NG BAYANG ITO.

SAPAGKA'T, may panukala ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na maiayos ang kahabaan ng ilog ng Santa Cruz na pangunahing kailangan ng malaking bilang ng mga mamamayan partikular ay mga mangingisda na nagbibigay ng malaking bahagi sa pag-aangat ng antas ng kabuhayan sa bayang ito;

SAPAGKA'T, lubhang mapanganib sa mga mangingisda at mga naninirahan sa tabi ng ilog ang pagbagsak ng lupa at pagkasira ng gilid nito sanhi ng kawalan ng "river control";

SAPAGKA'T, ang kapakanan ng mga mamamayan ay nakasalalay sa maayos at mabuting pamamahala ng mga naglilingkod;

SAPAGKA'T, walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna upang maipagawa ang "river control" na sakop ng Brgy. Santo Angel Norte ng bayang ito.

KUNG KAYA'T DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. De Leon na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na hilingin kay Inhr. Bobby Nicolas, Inhinyerong Pampurok, Kagawaran ng Pagawaing Bayan at Lansangan (DPWH) na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng Halagang Limang Milyong Piso (P5,000,000.00) para sa pagpapagawa ng "river control" na sakop ng Brgy. Santo Angel Norte ng bayang ito.

(Karugtong ng Kapasiyahan Blg. 217-T'2001)



INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Inhr. Bobby Nicolas, Inhinyerong Pampurok, Kagawaran ng Pagawaing Bayan at Lansangan (DPWH), bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan